

Revised: 5/31/17

TEMPLATE Sibley

Mga Karapatan at Tungkulin ng Pasyente

Para itaguyod ang kaligtasan ng pasyente, hinihikayat namin kayo na malayang makipag-usap sa koponang nangangalaga ng iyong kalusugan, magkaroon ng sapat na kaalaman, at makibahagi sa mga desisyon sa pangangalaga at pagpili ng panggagamot. Samahan kami bilang mga aktibong miyembro ng koponang nangangalaga ng iyong kalusugan sa pamamagitan ng pag-aral sa mga karapatan at tungkulin na nakalista sa ibaba para sa mga pasyente at mga kinatawan ng pasyente.

Ikaw o ang iyong itinalaga ay may karapatang:

Marespeto at Maalagaan nang Ligtas

1. Mabigyan ng mapag-alala, magalang at maunawain na pangangalaga.
2. Masabihan ang kapamilya/kaibigan at ang iyong doktor kapag ikaw ay maoospital.
3. Maalagaan sa isang ligtas na kapaligiran, malayo sa pang-aabuso at kapabayaan (sa pananalita, isipan, pisikal man o sekswal).
4. Isailalim sa isang pagsasalang medikal na pagpapasuri at mabibigyan na pampahupang paggamot para sa emergency na medikal na kondisyon at panganganak.
5. Mailayo sa mga pagpipigil at pag-iisa maliban lamang kung kinakailangan para sa kaligtasan.
6. Malaman ang mga pangalan at trabaho ng mga taong nag-aalaga sa iyo.
7. Malaman kapag may mga estudyante, residente o mga ibang nagsasanay na maiuugnay sa pangangalaga sa iyo.
8. Maigalang ang iyong kultura at personal na pinapahalagahang prinsipyo, paniniwala at mga gusto.
9. Magkapunta sa mga pang-espirtuwal na serbisyo.
10. Makipag-usap sa Mga Serbisyo Tungkol sa Etika (Ethics Service) tungkol sa mga usaping may kinalaman sa pangangalaga sa iyo.
11. Maasikaso nang walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinanggalingang bansa, edad, kasarian, sekswal na orientasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, pisikal o mental na kapansanan, relihiyon, etnisidad, wika o kakayahang magbayad.
12. Mabigyan ng listahan ng mga serbisyong pamprotekta at pagtatanggol kung kinakailangan. Ang mga serbisyong ito ay makakatulong sa mga partikular na pasyente (hal., mga bata, nakatatanda, may kapanasan) na gamitin ang kanilang mga karapatan at protektahan sila laban sa mga pang-aabuso at kapabayaan.
13. Humingi ng tinantiyang sisingilin ng ospital bago maidulot ang pangangalaga.

Epektibong Komunikasyon at Pakikipagtulungan sa Pangangalaga sa Iyo

14. Humingi ng impormasyon sa paraang mauunawaan mo. Kasama nito ang pagsalin ng sign language at mga salitang dayuhan at mga aparato sa paningin at pandinig na ibibigay nang walang bayad.
15. Magkaroon ng impormasyon mula sa iyong doktor/tagapagdulot ng serbisyo tungkol sa:
 - nasuring karamdaman mo
 - mga resulta ng iyong pagpapasuri
 - kahihinatnan ng pangangalaga
 - di inaasahang kinahinatnan ng pangangalaga
16. Maisali sa plano ng pangangalaga sa iyo at planong maiuwi o pagsuri ng hiling ng planong maiuwi sa anumang oras.
17. Isali ang iyon pamilya sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga.
18. Makapagtanong at mabigyan ng kasagutan sa natatamang panahon sa iyong mga tanong at kahilingan.
19. Maasikaso ang iyong pananakit.
20. Tanggihan ang pangangalaga.
21. Masamahan ng isang tao para sa emosyonal na tulong, maliban kung ang taong iyan ay magiging sagabal sa iyong karapatan, kaligtasan o kalusugan o ng iba.
22. Humingi ng kasamang sasama sa iyo sa oras ng mga pagpapaeksamen, pagpapasuri o pamamaraan.
23. Piliin ang taong tutulong sa iyo at mga bisita at palitan ang isip mo tungkol sa maaaring bumisita.
24. Piliin ang taong magdedesisyon para sa iyo tungkol sa pangangalaga ng kalusugan kung sa isang pagkakataon ay hindi mo magawa ang mga desisyong iyon (at papairalin ang lahat ng mga karapatan ng pasyente sa taong iyon).

Mga Desisyon sa Wakas ng Buhay

25. Gumawa o palitan ang paunang direktiba (na kilala rin bilang testamento ng buhay o umiiral na gawad na kapangyarihang kumilos sa ngalan mo para sa pangangalagang pangkalusugan).
26. Ipaalam ang iyong kagustuhang ipagkaloob ang iyong organ at igalang ito hangga't maaari.

Napaliwanagang Pagsang-ayon

27. Ibigay ang pahintulot (napaliwanagang pagsang-ayon) bago ibigay ang anumang hindi pang-emergency na pangangalaga, kasama na ang mga:
 - panganib at benepisyo ng paggamot sa iyo
 - alternatibo sa paggamot na iyan
 - panganib at benepisyo ng mga alternatibong iyan
28. Sang-ayunan o tanggihan na maging bahagi ng isang pananaliksik na pag-aaral na hindi naaapektuhan ang pangangalaga sa iyo.
29. Sang-ayunan o tanggihan na pahintulutan ang mga litrato para sa mga ibang layunin maliban sa pangangalaga sa iyo

Pagiging Pribado at Kumpidensiyal

30. Maging pribado at kumpidensiyal ang paggamot at komunikasyon tungkol sa pangangalaga sa iyo.
31. Mabigyan ng kopya ng HIPAA Notice of Privacy Practices.

Mga Reklamo at Hinaing

32. Magreklamo at iparepaso ang iyong reklamo nang hindi nakakaapekto sa pangangalaga sa iyo. Kung ikaw ay may problema o reklamo, maaari kang makipag-usap sa iyong doktor, tagapangasiwang nars o tagapangasiwa ng departamento.
33. Maaari ka ring kumontak sa mga pakikipag-ugnayan sa pasyente sa x4267 mula 7:30 a.m. hanggang 4:30 p.m. Pagkalipas ng 4:30 p.m. o sa mga weekend at piyesta opisyal, maaari mong kontakin ang koordinador ng mga serbisyong pangangalaga ng pasyente sa pamamagitan ng page operator sa x4111.
34. Kung ang iyong hinaing ay hindi naresolba sa kasiyahan mo, kasama sa mga ibang grupong tagalabas na maaari mong kontakin ang mga:
 - **Quality Improvement Organization (QIO) ng Ospital para sa mga desisyon ng sakop o para umapela tungkol sa maagang pagpapauwi:**
KEPRO
Organization for Beneficiary Family Centered Care (BFCC-QIO)
5201 West Kennedy Blvd., Suite 900
Tampa, FL 33069
1-844-455-8708
 - **Ahensiya ng Estado:**
Washington D.C. Department of Health
899 North Capitol Street, NE
Washington DC 20002
202-442-5955
 - **Ahensiyang Nagbibigay Akreditasyon:**
The Joint Commission Office of Quality and Patient Safety
One Renaissance Blvd.
Oakbrook Terrace, IL 60181
1-800-994-6610
patientsafetyreport@jointcommission.org
 - **Para tugunan ang mga alalahanin tungkol sa diskriminasyon, maaari ka ring magsampa ng reklamo kaugnay ng karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services:**
Office for Civil Rights
200 Independence Ave., SW
Room 509F, HHH Building
Washington, DC 20201
1-800-368-1019
1-800-537-7697 (TDD)
OCRMail@hhs.gov
Ang mga form para sa pagreklamo ay matatagpuan sa:
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>

Mayroon kang tungkuling:

1. Magbigay na tumpak at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, address, numero ng telepono, petsa ng kapanganakan, tagapagdulong ng seguro at pinagtatrabahuhan.
2. Tumawag kapag hindi ka makakapunta sa iyong appointment.
3. Maging magalang sa iyong koponan sa ospital, simula sa mga doktor, nats at technician hanggang sa mga taong tagapaghatid ng iyong pagkain at mga tagapaglinis.

4. Isaalang-alang ang wika at gawi ng ibang tao at ari-arian, pati na ang pagiging maingat sa lakas ng ingay, pagiging pribado at bilang ng mga bisita.
5. Kontrolin ang iyong asal kung galit.
6. Bigyan kami ng kopya ng iyong paunang direktiba.
7. Magtanong kung may anumang bagay ang hindi mo naintindihan.
8. Ipagbigay-alam ang mga hindi inaasahang pagbabago sa iyong kalusugan.
9. Sundin ang mga alituntunin ng ospital.
10. Managot para sa mga ibubunga ng pagtangga sa pangangalaga o hindi pagsunod ng mga tagubilin.
11. Iwan ang mga mahahalagang bagay sa tirahan.
12. Panatilihin pribado ang lahat ng mga impormasyon tungkol sa mga kawani ng ospital at ibang pasyente.
13. Huwag kumuha ng mga litrato, video o recording nang walang pahintulot ang kawani ng ospital.
14. Bayaran ang iyong mga babayaran sa amin o makipagtulungan sa aming humanap ng pondo para masagot ang iyong mga obligasyong pinansiyal.